



Ang NY State of Health ay ang Opisyal na Pamilihan ng Planong Pangkalusugan ng New York.

Para sa tulong sa pag-renew ng iyong coverage at matuto tungkol sa iyong petsa ng pag-renew:

- 1 Tumawag sa amin sa: **1-855-355-5777** o **TTY: 1-800-662-1220**
- 2 Makipag-ugnayan sa tagatulong na malapit sa iyo sa: **<https://info.nystateofhealth.ny.gov/findassistor>**
- 3 Makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan para sa Medicaid sa: **https://www.health.ny.gov/health_care/medicaid/ldss.htm**

Sumusunod ang NY State of Health sa mga naaangkop na Pederal na batas sa mga karapatang sibil at batas ng estado, at hindi ito nandiskrimina batay sa lahi, kulay, kasarian, edad, bansang pinagmulan, pananampalataya/ relihiyon, katayuan sa kasal/pamilya, rekord ng pagkakaaresto, (mga) kriminal na pagkakahatol, pagkakakilanlan ng gender, sekswal na oryentasyon, mga katangiang henetiko na nagpapataas ng pagkakataong magkaroon ng mga partikular na sakit, katayuan sa militar, katayuan ng pagiging biktima ng karahasang pantahanan at/o paghihiiganti.

Mabilisang Impormasyon Tungkol sa Pag-renew ng Iyong Insurance sa Kalusugan sa pamamagitan ng Medicaid, Child Health Plus, o Essential Plan

Ikaw ba o ang isang miyembro ng pamilya ay kasalukuyang may insurance sa kalusugan sa pamamagitan ng Medicaid, Child Health Plus, o Essential Plan ng Estado ng New York?

Simula sa Tagsibol ng 2023, sisimulan na ulit ng Estado ng New York ang mga pagsusuri ng kwalipikasyon para tiyaking kwalipikado pa rin ang mga naka-enroll sa mga programang ito. Nangangahulugan ito na maaaring kailangan mong umaksiyon para i-renew ang iyong insurance sa kalusugan o ang insurance ng mga miyembro ng iyong pamilya. Halimbawa, kung malaki ang pinagbago ng iyong kita bago pa magsimula ang pandemyang COVID-19, posibleng kakailanganin mong iulat ang impormasyong iyon sa NY State of Health para manatiling naka-enroll sa insurance sa kalusugan.

Narito ang ilang bagay na magagawa mo ngayon para makapaghanda:

1 Mag-sign up para sa mga alerto sa text.

Mag-sign up para makatanggap ng mga alerto sa text mula sa NY State of Health para hindi mo makaligtaan ang mahahalagang update sa insurance sa kalusugan, kasama ang panahon kung kailan ire-renew ang iyong coverage. Para mag-subscribe, **i-text ang START sa 1-866-988-0327.**

2 Tiyaking napapanahon ang iyong address.

Tiyaking mayroon ang NY State of Health o ang iyong lokal na tanggapan ng Medicaid ng iyong kasalukuyang address sa mail, numero ng telepono at email address para magawa nilang makipag-ugnayan sa iyo tungkol sa iyong insurance sa kalusugan.

Kung mayroon kang insurance sa pamamagitan ng NY State of Health, magagawa mong:

- Tumawag sa 1-855-355-5777 (TTY: 1-800-662-1220)
- Mag-log in sa iyong account sa **nystateofhealth.ny.gov**
- Humanap ng tagatulong sa **<https://info.nystateofhealth.ny.gov/findassistor>**

Kung mayroon kang Medicaid **[sa pamamagitan ng tanggapan para sa Medicaid ng iyong county o sa pamamagitan ng Human Resources Administration \(HRA\) ng Lungsod ng New York](#)**, makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan at ihanda ang iyong address at impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

3 Umaksiyon.

Kapag panahon na para i-renew ang iyong insurance sa kalusugan, makakatanggap ka ng liham mula sa NY State of Health o ng packet para sa pag-renew kung nag-enroll ka sa pamamagitan ng tanggapan ng Medicaid ng iyong county. Ipapaalam sa iyo ng liham/packet na ito kung ano ang kailangan mong gawin para i-renew ang iyong coverage at kung gaano katagal ang mayroon ka para tumugon. Sundin kaagad ang mga tagubilin.

Para manatiling may alam at para matuto pa, bumisita sa: **<https://info.nystateofhealth.ny.gov/COVID-19-Changes>**